## SO WHAT

- Anong bahagi ng iyong buhay ang sa tingin mo'y nangangailangan ng tulong ng Diyos? Alin naman yung akala mo ay kaya mong harapin mag-isa? Mabuti ba ito?
- Bakit mo kailangang iwasan ang magtiwala sa laman (Salmo 71:5)?
- Bakit sa Diyos lamang nararapat ang kaluwalhatian? Gaano ka ka-kumbinsido rito?

## NOW WHAT

- Sa anong mga paraan mo maibabalik ang luwalhati sa Diyos? Ano ang mga naiisip mong sitwasyon upang maisagawa ito?
- Papaano mo papahalagahan ang kalooban at layunin ng Diyos na higit pa sa mga makamundo mong minimithi?
- Ano ang magagawa mo upang mas makilala pa si Jesus? Maglaan ng panahon bawat araw upang kausapin ang Diyos sa pananalangin at pagbabasa ng Kanyang Salita.

# PRAYER

- Hilingin sa Diyos na tulungan kang palaging ilagay sa Kanya ang iyong tiwala.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na pangunahan ka sa pagtupad ng kalooban ng Diyos upang maibigay kay Jesus ang kaluwalhatian.
- Manalangin na mas makilala mo pa si Jesu-Kristo sa Kanyang Salita upang luwalhatiin mo siya lagi.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 2 FILIPINO

# Luwalhati kay Kristo




## NOTES

# CONNECT

- Magkwento ng panahong ikaw ay nasa entablado at lahat ay nakatingin sa'yo. Ano ang naramdaman mo?
- Ano ang mas gusto mo: magkwento tungkol sa iyong sarili o makinig lang sa kwento ng iba? Bakit?
- Magbahagi ng kahit na anong tungkol sa'yo na hindi pa alam ng grupo.

## WORD

*[7]Pinapahalagahan ko noon ang lahat ng ito, pero itinuturing ko na ngayong walang halaga dahil kay Kristo. [8]At hindi lang iyan, para sa akin, ang lahat ng bagay ay walang halaga kung ihahambing sa pagkakakilala ko kay Kristo Jesus na aking Panginoon. Itinuring ko na parang basura ang lahat ng bagay makamtan lang si Kristo, [9]at ako nama'y maging kanya. Hindi na ako nagtitiwala na maging matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan kundi sa pananampalataya kay Kristo. Ang pagiging matuwid ko ay kaloob sa akin ng Diyos nang sumampalataya ako kay Kristo.* FILIPOS 1:25,26 (BASAHIN ANG FILIPOS 3:1-11 PARA SA KABUOANG KWENTO.)

## WHAT

Ang mga tao ay natural na makasarili. Gusto nila na halos lahat ay para sa kanilang ikabubuti. Kung pupwede pa nga, gusto nilang sa kanila umikot ang mundo. Kahit anong kulay ng balat, laki ng kinikita, o posisyon sa mundo, ang bawat tao ay madaling bumigay sa pagkamakasarili. Papaano natin maiiwasan ang bitag na ito na makakasira sa atin sa katagalan? May tatlong biblikal na mahahalagang bagay na kailangang alalahanin upang maiwasan ang pagkamakasarili at ibalik ang lahat ng luwalhati kay Jesu-Kristo.

### 1 Ang sariling sikap ay walang halaga kung ihahambing sa gawa ni Kristo.

*[3]Ngunit tayo ang totoong tuli, dahil sumasamba tayo sa Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu, at ipinagmamalaki ang ginawa ni Kristo Jesus. Hindi tayo nagtitiwala sa mga panlabas na seremonya o panuntunan para maligtas tayo. [4]Kung sabagay, mayroon akong maipagmamalaki kung ang pagsunod sa mga seremonya ang pag-uusapan. Kung iniisip ninuman na may katuwiran siyang magmalaki sa mga bagay na ito, lalo na ako.* FILIPOS 3:3,4

Noong kapanahunan sa Bibliya, akala ng mga tao na kaya nilang sundin ang Kautusan na sila lang at hindi umaasa sa Diyos. Ngayon, hindi lamang iniisip ng mga tao na kaya nilang baguhin ang kanilang sarili batay sa kung ano ang katanggap-tanggap sa Diyos kundi umaasa din sila sa sariling lakas at kakayanan araw-araw, at ito ay tumutulak sa kanilang isipin na karapat-dapat nilang tanggapin ang lahat ng puri. Hindi marunong ang mga tao na magtiwala sa Diyos, ang natatanging makakagawa ng higit pa sa ating kakayahan. Papaano mo ilalagay ang iyong pananalig kay Kristo? Papaano mo ibibigay ang lahat ng kapurihan sa Diyos sa lahat ng iyong ginagawa?

### 2 Ang pansariling makakamtan ay walang halaga kung ihahambing sa layunin ni Kristo.

*Pinapahalagahan ko noon ang lahat ng ito, pero itinuturing ko na ngayong walang halaga dahil kay Kristo.* FILIPOS 3:7

May karapatang magyabang si Apostol Pablo bilang Judio dahil marami siyang nakamtan. Isa siyang aral na estudyante ng Kautusan, ang naging dahilan kung bakit niya inuusig ang mga Kristiyano noon, dahil walang maipupuna sa kanya. Tulad nito, ang mga tao ngayon ay maraming nararating sa buhay—mga taong ipinagmamalaki ang kanilang katayuan, mga kapurihan, at mga gantimpala. Sa halip na mag-isa mong inaabot ang mga layunin, may pananalig ka bang pagtatagumpayin ka ng Diyos? Mas makabubuti ba ang pagtupad sa kalooban ng Diyos kaysa abutin natin ang mga makasariling layunin?

### 3 Ang mga pansariling pagmamay-ari ay walang halaga kung ihahabing sa pagkakakila kay Kristo.

*At hindi lang iyan, para sa akin, ang lahat ng bagay ay walang halaga kung ihahambing sa pagkakakilala ko kay Kristo Jesus na aking Panginoon. Itinuring ko na parang basura ang lahat ng bagay makamtan lang si Kristo . . .* FILIPOS 3:8

Alam ni Apostol Pablo na hindi makakapagbigay ng kaluguran at katiwasayan ang ano mang pag-aari. Marami ngayon ang nakatuon ang pansin sa pamamasyal sa buong mundo, sa pagpapalago ng negosyo, pagtayo ng bagong bahay, o sa pagiging malusog. Wala namang mali sa mga bagay na ito. Ngunit nagiging problema ito kapag hinayaan ng mga tao ang mga bagay na ito na makompromiso ang kanilang ugnayan kay Jesu-Kristo. Bakit ang pagkakakilala kay Jesus ang pinakamainam na pag-aari na ating makakamtan?